


# ANG PAGSUSUMIKAP NI MIKA

Isinulat ni: Patricia Erica Rodriguez

Iginuhit ni: Erin Ong

Si Mika, na nakilala natin kahapon, ay may bagong libangan -- ang pagbuo ng mga gusali't sasakyan mula sa mga lumang folder o cardboard.

Iginugugol ni Mika ang malaking bahagi ng kanyang araw sa pagbuo ng mga ito.










Ngayong panahon ng pandemya, nawalan ng trabaho ang Inay ni Mika,na isang manikurista sa isang beauty parlor sa mall.

Naisipang magbenta ng nanay ni Mika ng mga kakanin at iba-ibang minatamis.

"Mika!" tawag ng kanyang Inay.

"Po, 'nay?"



"Anak, halika nga rito. Pakitulungan naman akong magluto nitong maja blanca. Ikaw muna ang maghalo nitong mga sahog."



Itinigil muna ni Mika ang kanyang paggugupit at tinulungan ang kanyang nanay sa paghahalo ng gata, mais, condensed milk, at asukal. Inasikaso muna ng kanyang nanay ang paggawa naman ng kutsinta.




Pagkatapos haluin ni Mika ang mga sahog, dinagdag niya ang cornstarch at hinintay na maging malapot ito.




Nang ito'y naging malapot na, isinalin niya ito sa isang malaking serving tray at hinintay na lumamig.



Nilapitan niya ang kanyang Inay.
"Ano pa po ang aking pwedeng maitulong, 'nay?"


"Hmm. Iniisip ko kung okay lang ba sa iyo kung tutulungan mo ako sa pagluto ng maja blanca. Isa ito sa aking bestselling orders eh," sinabi ni Inay.





"Ganoon po ba, 'nay? Sige po!"





"Aww maraming salamat, Mika! Alam mo ba, pinakita ko sa mga kaibigan ko ang litrato ng mga ginawa mong cardboard na gusali't sasakyan. Alam mo ban natuwa ang mga anak nila? Gusto rin daw nila ng mga ginagawa mo!"

"Talaga po ba? Pwede ko po sana silang turuan kaso… di po ba ang babata pa po nila? Hindi pa po nila kayang maghawak ng gunting nang maayos," sabi ni Mika.





"Oo nga eh. Ayon… naaalala ko lang kasi ang kwento ng Tatay mo na may gusto ka sanang bilhing laruan kaso kulang pa ang pambili mo. Baka lang ay gusto mong ibenta ang mga ginagawa mong mga sasakyan. May mga batang matutuwa rito."

"Ha? Talaga po ba, 'nay? Di ako makapaniwala!!"



"Oo! Ang ganda kaya ng paggawa mo. Pulido ang paggupit, at detalyado ang disenyo."



"Aww salamat po, 'nay!"



Sa susunod na linggo, napuno ang oras ni Mika sa paggawa ng mga cardboard na sasakyan at paggawa ng maja blanca. Si Inay na rin ang nagbenta ng mga gawa ni Mika na cardboard na sasakyan.

Sa Biyernes ng gabi ng linggong iyon, tinabihan ni Mika si Inay sa sofa.

"Grabe po, 'nay! Nakakapagod pala mag-negosyo! Pero sa totoo lang napakasaya rin po pala, 'no?"

"Oo, anak. Nakakatuwang marinig ang komento mula sa mga namimili. May mga nagmumungkahi pa nga sila, e. Okay lang na may mga ganyan. Nakakatulong pa nga, e."



“Ano pong sinabi, ‘nay,
ng mga kaibigan mo’t mga
anak nila sa mga gawa kong
cardboard na sasakyan?”

“Ayun, tuwang-tuwa sila!
Kailangan nga lang
pag-ingatan na huwag
mabasa kasi siyempre,
madaling masira at
mapunit kapag nangyari.
Pero tuwang-tuwa
sila. Nakakatawa nga raw
na ang simpleng laruan pa
ang mas kinahihiligan kaysa
sa mga mas high-tech
na laruan.”



Natawa si Mika.
"Sa totoo nga po', 'no, 'Nay?
Bakit nga ba ganoon ang
mga bata? Parang gusto ko nga po
maging maliit na bata na lang uli eh!
Mas simple pa ang buhay."




Napangiti si Inay. “Totoo, ‘nak. Iyan ang biyaya ng pagiging bata. Pero ngayong mas nakakatulong ka na sa amin ng Tatay mo, gusto lang kitang pasalamatan. Tunay kang biyaya. At marami ka pang napasayang mga bata, o!”



“Salamat po, ‘nay!”




Tumayo na sila pareho mula sa sofa at naghanda para sa mahimbing na pagtulog pagkatapos ng isang linggong pagtrabaho.
Wakas.